

# Isang Gabay sa Pagbabayad para sa Iyong Mga Bakuna

## Pagbabayad para sa Mga Bakuna ng Iyong Mga Anak

Ang lahat ng mga bata ay may access sa mga bakuna. Kung kwalipikado, ang Mga Sentrong Pangkalusugan ng Katutubong Hawayano at Indian Health Service (IHS) ay magbibigay ng mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit. Habang ang mga inirerekumendang bakuna ng CDC at bakuna sa COVID-19 na ibinigay ng isang tagapagbigay ng programa ng Vaccines For Children (VFC) at mga Federally Qualified Health Center (FQHCs) o Rural Health Clinics (RHCs) ay libre, maaaring singilin ng iyong doktor ang iba pang mga gastusin para sa pagpapatingin.<sup>1</sup> Ang regular na inirerekumendang mga bakunang pambata ng CDC ay dapat libre.\*

\*Ang trangkaso at iba pang mga bakuna ay kinakailangan masaklaw ng iyong segurong pangkalusugan nang hindi naniningil ng isang copayment o coinsurance.<sup>2</sup> Kung hindi mo mabayaran ang pang-administratibo bayarin para sa mga bakunang VFC, maaari mong sabihin na hindi ka makakabayad at hindi ka sisingilin.

## Pagbabayad para sa Bakuna ng Matatanda

- **Pribadong Segurong Pangkalusugan**
  - Ayon sa batas, ang mga inirerekumendang bakuna ay dapat nasasaklaw ng iyong kumpanya ng seguro nang hindi ka gumagastos. Makipag-ugnay sa iyong kumpanya ng seguro upang magtanong kung saan nasasaklaw ang iyong mga bakuna nang walang bayad – alinman sa opisina ng doktor o sa isang espisipikong parmasya.
- **Medicaid**
  - Karamihan sa mga planong Medicaid ng estado ay sinasaklaw kahit papaano ang ilang mga pagbabakuna sa matatanda, ngunit ang ilan ay maaaring hindi ialok ang lahat ng mga bakunang inirerekumenda ng CDC nang libre.
  - Makipag-ugnay sa ahensya ng iyong estado ng Medicaid upang malaman kung ang (mga) bakuna na kailangan mo ay libre at kung maaaring kailangan mo ring magbayad ng isang copay, coinsurance, o bayad sa pangangasiwa ng bakuna (ibig sabihin, bayad para sa bawat shot na ibinigay). Tanungin din sila kung ang mga bakuna ay dapat bang ibigay ng isang partikular na doktor, parmasyutiko, o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang masklaw.
- **Medicare**
  - Saklaw ng Medicare ang mga bakuna sa trangkaso at pneumococcal nang walang gastusin sa ilalim ng Bahagi B (medikal na seguro).
  - Ang mga planong Bahagi D ng Medicare ay sumasaklaw sa kaunting gastusin sa walang gastusin para sa mga pasyente. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng planong Bahagi D para sa karagdagang impormasyon.
- **Walang Segurong Pangkalusugan**
  - Malamang na babayaran mo ang buong gastusin ng mga bakuna at anumang kaugnay na bayarin, tulad ng isang office copay, coinsurance, at/o bayad sa pangangasiwa ng bakuna (ibig sabihin, bayad na ibigay sa bawat shot) sa opisina ng doktor, klinika sa pangkalusugan, o parmasya.

## Paano kung Hindi Ko Kayang Bayaran ang Mga Bakuna?

- Kung hindi mo kayang bayaran ang mga bakunang kailangan mo, maaari kang makipag-ugnay sa iyong estado o lokal na kagawarang pangkalusugan at magtanong kung may alam silang anumang mga programa ng estado na nag-aalok ng libre o mas mababang gastusin sa mga bakunang pang-matatanda. Maaari ka ring makipag-ugnay sa isang FQHC, RHC, Mga Sentro ng Indian Health Services, o mga Sentrong Pangkalusugan ng Katutubong Hawayano sa inyong lugar upang malaman kung nag-aalok sila ng mga bakuna sa mas mababang halaga, o tumawag sa CDC sa 1-800-CDC-INFO (1-800-232-4636). Maaaring kakailanganin ng mga klinika na magparehistro ka bilang isang pasyente upang mabigyan ka ng mga bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon bumisita sa

[www.aanhphealthresponse.org/](http://www.aanhphealthresponse.org/) at [www.vaccinateyourfamily.org/questions-about-vaccines/](http://www.vaccinateyourfamily.org/questions-about-vaccines/)

*This publication was made possible by cooperative agreement CDC-RFA-IP21-2106 and CDC-RFA-IP18-1804 from the Centers for Disease Control and Prevention of the U.S. Department of Health and Human Services (HHS). Its contents are solely the responsibility of the authors and do not necessarily represent the official views of CDC/HHS.*

<sup>1</sup> <https://www.cdc.gov/vaccines/hcp/vis/vis-statements/flu.html>

<sup>2</sup> <https://www.hhs.gov/answers/affordable-care-act/will-the-aca-cover-my-flu-shot/index.html>